

# SAMPLE, ang pahinang ito ay para sa pagsangguni lamang.

Employment Development Department  
PO Box 2530  
Rancho Cordova, CA 95741-2530



## Kahilingan para sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan

Walang Bayad na Numero ng Telepono ng EDD:  
1-866-401-2849

Pangalan at Address ng Gumagawa ng Claim

SAMPLE CLIENT NAME  
1234 SAMPLE ST.  
ANY TOWN, CA 99999-9999

Petsa ng Pag-mail:

Para sa Paggamit ng Tanggapan Lamang:

Petsa ng Pagkakabisa:

## Kinakailangan ang Beripikasyon ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyong sa Kawalan ng Trabaho

Dapat iresolba ang isang isyu tungkol sa iyong pagkakakilanlan. Dapat naming iberipika ang iyong pagkakakilanlan para maprotektahan ka mula sa potensyal na mapanlokong aktibidad. Habang pinagpapasiyahan namin ang iyong kwalipikasyon, patuloy na magsertipika para sa mga benepisyong kung patuloy kang walang trabaho o nagtatrabaho na binawasan ang mga oras.

Kung hindi ka kailanman nakatanggap ng pagbabayad sa claim na ito, hindi namin maipoproseso ang mga pagbabayad sa benepisyong hanggang sa magbigay ka ng beripikasyon ng pagkakakilanlan.

Kung nakatanggap ka na ng kahit isang pagbabayad man lang sa claim na ito, **dapat pa ring iresolba ang bagong isyu.** Kung hindi namin matutukoy ang iyong kwalipikasyon sa loob ng dalawang linggo, ipoproseso namin ang kondisyonal na pagbabayad. Maaaring kailanganin mong bayaran ang anumang kondisyonal na pagbabayad kung sa kalaunan ay malaman naming hindi ka kwalipikado para sa mga benepisyong iyong.

## Pagberipika ng Iyong Pagkakakilanlan

Dapat naming beripikahin ang iyong pagkakakilanlan, kasama ang iyong address, petsa ng kapanganakan, at na ang siyam na numerong numero ng Social Security (Social Security number, SSN) sa iyong claim ay ang parehong numerong ibinigay sa iyo ng Pangasiwaan ng Social Security (Social Security Administration, SSA). Ang kabiguang sumunod sa kahilingang ito para sa mga dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan o humiling ng higit pang panahon sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pag-mail ng paunawang ito ay maaaring magresulta sa pagtanggapan sa mga benepisyong. Nagbibigay ang kalakip na *Mga Katanggap-tanggap na Dokumento para sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan* (DE 1326CD) ng mga detalyadong halimbawa ng mga katanggap-tanggap na dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan. Sumangguni sa pahina 2 ng paunawang ito para sa mga instruksiyon sa kung paano isumite ang iyong mga dokumento.

## Mangyaring lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon sa ibaba:

- Inihain** ko ang claim na ito sa Petsa ng Pagkakabisa sa itaas. (*Lagdaan at lagyan ng petsa ang paunawang ito sa ibaba at ibalik ito nang nasa ibinigay na sobre kasama ang mga hiniling na dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan na nakalista sa likod ng Paunawa na ito.*)
- Hindi** ko inihain ang claim sa Petsa ng Pagkakabisa sa itaas. (*Lagdaan at lagyan ng petsa ang paunawang ito sa ibaba at ibalik ito nang nasa ibinigay na sobre. Iniimbestigahan ng EDD ang lahat ng ulat ng panloloko.*)

Nauunawaan ko na nagbibigay ng mga parusa ang batas kung gumawa ako ng mga maling pahayag o hindi ako magbibigay ng mga katotohanan para makakuha ng mga benepisyong. Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusang pagsisinungaling na ang impormasyong ibinigay ko at ang mga dokumentong isinusumite ko ay totoo at tama, at pagmamay-ari ko.

Isulat ang Iyong Pangalan	Lagda (Kinakailangan)	Numero ng Telepono	Petsa
---------------------------	-----------------------	--------------------	-------

# **SAMPLE**, ang pahinang ito ay para sa pagsangguni lamang.

## **Mga Instruksyon sa Pagsusumite ng Iyong Mga Dokumento sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan**

Sumangguni sa kalakip na *Mga Katanggap-tanggap na Dokumento para sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan* (DE 1326CD) para sa mga detalyadong halimbawa ng mga katanggap-tanggap na dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan.

Mayroon kang dalawang opsyon para maisumite ang iyong mga dokumento sa beripikasyon:

- **UI Online<sup>SM</sup>** - Mag-log in sa iyong account sa UI Online at piliin ang Mag-upload ng Mga Dokumento (Upload Documents) sa homepage para ibigay ang iyong mga dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan. Ito ang pinakamabilis at pinakaligtas na paraan para magbigay ng dokumentasyon.
- **Mail** - Kung hindi mo ma-upload ang iyong mga dokumento, i-mail sa amin ang kopya ng mga kinakailangang dokumento. **Lagdaan** ang pahina 1 ng paunawang ito at isama ito sa iyong mga dokumento sa beripikasyon ng pagkakakilanlan nang nasa ibinigay na pabalik na sobre. Huwag ibalik ang anumang iba pang form ng EDD sa sobre.

**Mahalaga:** Isama ang iyong kompletong numero ng Social Security sa LAHAT ng na-mail na dokumento.

## **Humiling ng Karagdagang Panahon**

May karapatan kang humiling ng higit pang panahon para kumuha ng mga dokumento o kunin ang payo ng isang kinatawan. Kung kailangan mo ng higit pang panahon, **dapat kang makipag-ugnayan sa amin** sa pamamagitan ng telepono o mail sa address/numero ng telepono sa pahina 1 **sa loob ng 10 araw sa kalendaryo** mula sa petsa ng pag-mail ng paunawang ito. Kung hindi namin matanggap ang iyong mga kinakailangang dokumento bago ang katapusan ng 10 araw na time frame, o hindi hiniling ang karagdagang panahon, itatanggi ang mga benepisyo.

## **Mga Karaniwang Pagkakamaling Nauugnay sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan**

- Ang ibinigay mong **petsa ng kapanganakan** noong inihain mo ang iyong claim ay naiiba sa nasa SSA at/o sa Departamento ng Mga Sasakyan (Department of Motor Vehicles, DMV).
- Ang ibinigay mong **pangalan** noong inihain mo ang iyong claim ay naiiba sa nasa SSA o sa DMV. Maaaring binago mo ang iyong pangalan at hindi mo naabisuhan ang SSA at/o ang DMV.
- Ang ibinigay mong **SSN** noong inihain mo ang iyong claim ay mali. Maaaring nakalimutan mo ang numero, o nabaliktad mo ang numero noong inihain mo ang iyong claim para sa kawalan ng trabaho o noong ibinigay mo ito sa iyong employer.

Hindi namin ina-update ang impormasyon sa SSA o DMV. Kung mali ang iyong **petsa ng kapanganakan** o **pangalan** na ginamit sa SSA o sa DMV batay sa iyong pagsusuri ng iyong pahayag sa SSA, lisensiya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlang may litrato, direktang makipag-ugnayan sa SSA o DMV para gumawa ng (mga) pagbabago. Patuloy na isumite ang anumang available na dokumento sa amin para maresolba ang isyu sa beripikasyon ng pagkakakilanlan sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng paunawang ito. Magbigay ng mga kopya ng mga na-update na dokumento sa amin sa oras na maging available ang mga ito.

## **Mga Legal na Sanggunian**

Isinasaad ng seksyon 1253(a) ng Batas sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho ng California (California Unemployment Insurance Code, CUIC) na dapat ihain ang lahat ng claim para sa mga benepisyo alinsunod sa mga regulasyon ng EDD. Isinasaad ng seksyon 1257(a) ng CUIC na kung magbigay ang isang indibidwal ng maling impormasyon sa EDD upang makakuha ng mga benepisyo, maaaring mapatawan ng parusa ang indibidwal. Isinasaad ng seksyon 1326-2 (b)(2)(A) ng pamagat 22, Batas sa Mga Regulasyon ng California na maaaring iatas ng EDD sa gumagawa ng claim na iberipika ang SSN bilang ang SSN na ibinigay ng SSA kung ipinapahiwatig ng impormasyong mayroon ang EDD na maaaring pagmamay-ari ng iba pang tao o hindi wastong numero ang SSN.